

Chapter One



"Dito na lang po, Manong," ani Madellaine sa driver ng tricycle nang tumapat sila sa entrada ng subdivision na tinitirahan niya. Bumaba siya sa tricycle at ibinigay sa driver ang bayad na kanina pa niyang inihanda.

Mula sa liwanag na dulot ng lamppost sa tabi ay chineck niya ang oras sa wristwatch na suot: 11:45 PM.

Hindi na bago sa kanya ang umuwi ng ganoong oras mula sa kanyang trabaho. Isa siyang junior graphic designer sa isang

advertising company sa Quezon City. Suki na nga siya ng last trip ng *LRT 1* pa-Monumento.

Flexible naman ang working hours nila sa opisina lalo na kapag marami silang projects na tinatapos. May employee's lounge ang kompanya, pero mas gusto niyang umuwi. Despite the hassle in traveling, she always looked forward to returning home after a long day of work.

Especially this particular night.

Binuksan niya ang dalang backpack na pamasok upang silipin ang isang bagay. Laking gulat niya nang matuklasan niyang wala iyon doon. Mabilis siyang napatingin sa tricycle na paalis pa lamang.

“Manong, wait lang!”

“Bakit, Miss?”

“May nakalimutan po ako,” sagot niya saka mabilis na sinilip ang loob ng tricycle.

It should be here. Ah, there!

Nakangiti niyang kinuha ang berdeng

bagay mula sa gilid ng upuan saka pinagpagan iyon. It was a medium size stuffed-toy of a frog made up of foam and soft fabric. Madellaine hugged it tight.

Napansin niyang nakamata sa kanya ang driver.

“Yan ba ang nakalimutan mo, Miss?” Base sa paraan ng pagkakatingin sa kanya, mukhang “Ano ’yan?” ang talagang gusto nitong itanong.

“Oo, Manong, ito nga.”

‘Ang weird naman ng stuffed toy mo,’ parang gusto nitong sabihin, pero mabuti na lang at umalis na.

Palagi siyang nakakakuha ng ganoong reaksyon mula sa mga taong nakakakita ng fascination niya sa mga palaka.

Regalo niya ang stuffed toy na iyon sa sarili. Birthday na kasi niya pagsapit ng alas doce. At taon-taon ay nadadagdagan ang koleksyon niya ng palaka, regalo niya sa sarili tuwing kaarawan niya.

Kanina, pagkagaling sa afternoon break ay bitbit niya ang biniling stuffed toy. Siyempre, napansin iyon ng workmates niya. Kesa intrigahin ng mga ito ang bakante niyang love life, nanahimik na lamang si Madellaine nang pintasan ang palaka niya.

Badtrip!

Hinigpitan na lamang niya ang yakap sa stuffed toy na para bang maiibsan niyon ang pagkairita niya.

I'll be turning twenty-eight and I don't have a boyfriend. O, eh ano ngayon? 'Kala mo naman sila may matinong relasyon.

Saka kailan pa naging big deal sa kanya ang pagiging NBSB niya? Was it because she's not getting any younger?

Napatingin siya sa kalangitan. *Lord, di ba meron naman talaga Kayong inilalaan na lalaki for me? You're just waiting for the right time. Well, I mean, it's my birthday. Hindi po ba pwedeng ibigay N'yo na sa akin ang aking Mr. Right? Kahit hindi na naka-giftwrap, okay*

na po sa akin!

Alam niyang hindi lang siya sa balat ng Earth ang may ganitong dilemma. But she wanted to feel exempted because it's going to be her birthday. Di ba may karapatan siyang mag-inarte at mag-demand ngayon?

Sorry po, Lord, ha? Sige na po, kahit sign lang ang ibigay N'yo. Sign na totoong merong forever. Sign na—“Ay, palaka!”

Parang tumalsik ang ear drums ni Madellaine palabas ng tainga niya nang may bumusina sa likuran niya. Sa gulat ay sumubsob siya sa mayabong na hilerang ng santan sa kanyang harapan.

“Aray, punyeta!” Tinampal-tampal niya ang bibig nang makapagbanggit ng bad word.

Kunot ang noong lumingon siya para alamin kung sino ang siraulong sumira sa paghiling niya kay Lord. Pinigilan niya ang sariling muling magmura nang makilala ang lalaking umiibis na ngayon sa sasakyan

nito at nakangising nakatingin sa kanya.

*Kung hindi ka ba naman minamalas,
Madellaine!*

He was wearing a black V-neck shirt, a black leather jacket. He also had a black collar around his neck, the one with tiny metallic spikes. He paired it with black pants and black rugged combat boots. Even the rubber band he used to tie his slightly long hair was black!

Kasing-dilim ng gabi ang porma ng lalaki, pero mas madilim pa rin ang mukha niya.

“Clyde Estacio!” gigil na sigaw niya rito.

“Good evening to you, too, Madellaine Atienza. Sumakay ka na naman sa tricycle na walang sticker kaya naglalakad ka,” sabi ng lalaki.

“Wala kang paki.”

Hindi nito pinansin ang panonopla niya. “Kumusta pala? Ilang palaka ang nahuli mo diyan sa halamanan?” Binuntutan pa nito

iyon ng pagtawa kaya lalo siyang nairita.

“Isa, and it’s about to jump straight to your damn face!” Mabilis niyang pinalipad dito ang stuffed toy na hawak niya. Ano kaya kung kasing-tigas ng jade na palakang pang-dekorasyon ang ibinato niya rito? Iyong may pera sa bibig?

Mukhang balewala rin dahil mabilis nitong nasalo ang inihagis niya gamit ang isang kamay.

“For the hundredth time, sablay ka na naman sa pambabato mo,” anang lalaki. “Konting asinta pa, makakatama ka rin, Mads.”

“Kurimaw ka!” She gritted her teeth. “Don’t you call me ‘Mads.’ Only my parents and close friends can call me that!”

“Oh, come on, Mads. We’ve been neighbors for what? Three, four years? Am I still not considered as one of your close friends?”

“Manigas ka! Hind ako nakikipagkaibigan

sa kurimaw na mukhang addict na gaya mo, 'no!"

Natawa ito nang bahagya habang pinipisil-pisil ang stuffed toy niya. "Yung getup ko na naman ang nakita mo. How many times do I have to tell you na ganito talaga ang porma ng mga rakistang gaya ko?"

"Whatever. Mukha kang addict."

"Grabe, ang sakit magsalita. 'Kala mo naman siya hindi weird ang taste." Tiningnan nito ang palaka.

"Huwag mong malait-lait ang stuffed toy ko!"

"Ah, stuffed toy ba ang tawag dito? Akala ko voodoo doll—"

Hindi na nito natapos ang pang-aalaska dahil binato na niya ng tangkay ng santan.

Kung may nag-iisang bagay siyang hindi gusto sa komunidad na iyon na nilipatan niya apat na taon na ang nakakalipas, iyon ay walang iba kundi ang katotohanang may

isang Clyde Estacio na nakatira roon.

Miyembro ito ng papasikat na alternative rock band na kung tawagin ay *Luna's Cape*.

Kagaya ng ibang rock star, may kakaibang charisma si Clyde sa mga kababaihan. He may be every woman's dream, but he was her worst nightmare. Daig pa niya ang nag-aalmang *Mayon Volcano* dahil sa palagi nitong pang-iinis sa kanya!

“Tama na, Mads. Bago mo makalbo ’yang halaman.”

Huminto siya sa pagbato. “Kung ganoon, ikaw ang lumapit dito nang ikaw ang makalbo ko!”

“Ayoko nga. Sayang ang long hair ko. This is my asset. Well, aside from my mouth-watering smile, that is.” At ngumiti uli ang loko!

She couldn't care less about his *mouth-watering* smile. Pikon na pikon siya rito.

Sumandal ito sa kotse at bahagyang yumuko saka inalis sa pagkakatali ang

buhok nito. Then he messed it with his right hand. Ngayon na malaya na iyong nadadala ng hangin, kapansin-pansin ang pagkakulot ng lampas-balikat na mga hibla.

Pinagkrus nito ang mga braso at binti.

Ang nakakainis, sa halip na pumangit ang lalaki dahil sa ginawa ay parang lalo lang iyong bumagay sa appearance nito. Mas nagmuka itong rakista-slash-modelo ng sasakyan.

Naningkit ang mga mata ni Mads. *O, eh ano? Isa pa rin siyang makulit na insekto sa paningin ko!*

“Loosen up, Mads. Ano ba’ng problema mo sa mundo at palagi ka na lang aburido?”

“Hindi ba halata? Ikaw lang naman ang problema ko sa mundo,” asar na sabi niya.

“Eh, ano ba kasi’ng problema mo sa akin?”

“The fact na nag-e-exist ka, ’yun ang problema ko. Lalo’t wala kang ibang ginawa kundi ang painitin ang ulo ko!”

“Aray naman.” Ang ungas, may gana pang umaktong nasaktan.

Pumalatak siya. “Ano ba kasi’ng ginagawa mo rito? Istorbo ka sa paglanghap ko ng sariwang hangin.”

“Bakit, kelan pa naging exclusive sa ’yo ang paglanghap ng sariwang hangin?”

“Kanina, bago ka sumulpot.”

“Now that I’m here, let’s share the fresh air, shall we?”

“Sorry, pero hindi na sariwa ang hangin. Polluted na. Kanina ka pa kasi salita nang salita.”

Tumawa lang ito at lumapit sa kanya. Nalukot ang puno ng ilong ni Mads nang manuot sa pang-amoy niya ang amoy ng alcohol mula rito. “What the—Hoy, Estacio, nakainom ka ba?”

Chapter Two



*H*a? Oh, well. I had a few bottles of beer after our gig,” pag-amin nito. Sakalang napansinni Madellaine ang mabuway nitong pagkakatayo. Kaya ba pinili nitong sumandal sa kotse kanina? Sa ilalim ng poste ng ilaw, napansin din niya ang bahagyang pamumula ng mga pisngi nito at ang pamumungay ng mga mata ng binata.

Aba’t lasing nga ang kumag! “Teka nga, ibig mong sabihin, nagmaneho ka nang ganyan ang estado mo?”

“Yup.” Nakatuon ang atensyon nito sa hawak na stuffed toy. “Ang galing ko, ’no?”

Parang gusto niya ulit itong batuhin ng kung-ano dahil sa sinabi nito. “Siraulo ka talagang kurimaw ka! Drunk driving is dangerous, you idiot!”

Bumaling si Clyde sa kanya. He looked... surprised. Hanggang sa unti-unting napalitan ng nakakalokong ngiti ang expression nito.

“Wow, Mads. Hindi ko akalaing may itinatago ka rin palang malambot na puso para sa akin. So you’re concerned, huh? I’m touched. Really.”

Concerned? Iyon na ba agad ang tawag sa ginawa niya? *Hindi ba pwedeng naasar lang ako sa katangahan ni Estacio?*

“Huwag kang assuming. Hindi ako concerned sa ’yo kundi sa ibang tao na pwedeng mabiktima mo. Paano kung tutulog-tulog ka sa pagmamaneho at may madisgrasya ka?”

“Hmm, may point ka. Promise, hindi ko na uulitin.”

“Bakit kasi kailangang magkita pa tayo? Napakamalas ko naman, o!”

“Huwag mong pangunahan ang destiny sa plano niya sa atin, sweetheart.”

Literal na nasamid siya dahil sa sinabi ng binata. *Destiny? Sweetheart?*

Tumingala si Clyde sa kalangitan at nalantad sa paningin ni Madellaine ang outline ng leeg nito pababa sa dibdib nito na bahagyang nakahantad sa V-neckline ng suot nitong T-shirt. She discovered how fine and masculine his tracheal portion was. His dreamy eyes seemed to be searching something from the heavens.

Huwag mo ngang patulan ang pinagsasabi ng lasing na 'yan!

“Ang tanda-tanda mo na, naniniwala ka pa sa destiny? Mabuti pa, umuwi ka na lang sa bahay mo at ibabad mo 'yang ulo mo sa isang balde ng yelo nang mahimasmasan

ka.”

“I’m not drunk.”

“Don’t push it, Estacio.”

“It’s Clyde.”

“Hay naku, bahala ka na nga. Uuwi na ako. Itulog mo na lang ’yan,” sabi niyang hindi lumilingon.

“What about your stuffed toy?”

Biglang preno ang mga paa niya. How could she forget about it? She turned to him and saw him raise the toy in the air.

“Ibato mo,” sabi niya.

“Ayoko nga. Hindi ako nambabato ng babae. Taliwas ’yon sa doktrina ko bilang isang maginoo.”

“Okay lang ’yun. Isipin mo na lang lalaki ako.”

“Paano ko gagawin ’yun? Eh, kahit pumikit ako, babae ka sa paningin ko.”

She was taken aback. Ayaw man niyang aminin, bahagya siyang nakaramdam ng kasiyahan dahil sa sinabi ni Clyde. It

somehow lessened her irritation toward the guy.

Lumapit na lang siyang muli rito para bawiin ang palaka. “My stuffed toy, please?”

“I’m curious. Why do you have this voodoo doll, anyway?”

“Ano’ng akala mo sa akin, mangkukulam?”

He chuckled. “Naninigurado lang.”

Aabutin na lang sana ni Madellaine ang stuffed toy nang ilayo ulit ni Clyde iyon. Naningkit ang mga mata niya.

“Siraulo! Akin na sabi ’yan, eh.”

“Answer my question first,” he said.

“Ibabalik mo sa ’kin ’yan kapag sinagot ko ang tanong mo?”

Tumango ito.

“Fine.”

“Para saan ang palakang ’to?”

Tumaas ang kilay niya. Iyon ang tanong nito? “If you must know, it’s my birthday present for myself. O, sinagot na kita, now

give it back.”

“Hold on. Did you say *birthday present*?
Nireregaluhan mo ang sarili mo?”

“So? Ano’ng masama d’on?”

He eyed her stuffed toy again. “Wala namang masama. But why a frog of all things?”

Tumirik ang mga mata ni Madellaine. Hindi pa ba sapat na kinondena na siya ng mga katrabaho dahil sa paborito niyang stuffed toy at dadagdag pa ang isang ito?

“Wala kang pakialam, okay?” Pumalatak siya. “Now, give it back!” Sinubukan niya ulit abutin ang stuffed toy na pilit pa rin nitong inilalayo sa kanya. Tumingkayad siya para tapatan ang height nito. Hinawakan din niya ang punong-braso nito.

Pero kahit anong gawin niya ay hindi niya talaga makuha o mas tamang sabihin na ayaw talaga nitong ibigay sa kanya ang stuffed toy.

Namaywang siya. “Clyde Estacio, pag

ako talaga naasar, makakatikim ka sa 'kin!"

Bahagyang umangat ang sulok ng mga labi nito. "Hmm. I don't know exactly what you want me to taste, but that sounds promising."

"Look, it's late. I'm tired and I want to go home."

Sumeryoso ito. "Sorry. Gusto ko lang na i-wish ka ng happy birthday. Sorry kung naaasar ka sa 'kin."

She rolled her eyes and tried to retrieve her stuff toy again. "Sabihin mo sa 'kin 'yan kapag hindi ka na lasing."

"Hindi ako lasing—"

Hindi na ito nakatapos ng sasabihin dahil dinamba na niya ang binata. Napasandal ito sa kotse. Nakalapat ang katawan niya rito para hindi na ito makapalag. He groaned as he felt the force of her assault. Naibaba nito ang braso nito at nakuha ni Mads ang stuffed toy niya.

Yes!

“Buwisit ka talaga, pinahirapan mo pa ako.” Asar na dinutdot niya ang noo ng lalaki.

Muling umungol si Clyde habang nakapikit. Saka lang niya na-realize na pasan pa nito ang bigat niya kaya agad siyang humakbang paatras. Pero sumabit ang likod ng paa niya sa pavement at nawalan siya ng balanse.

She’s going to fall on the ground real hard!

Chapter Three



| sang braso ang maagap na pumalibot sa baywang ni Madellaine. Kinabig siya ng matipunong brasong iyon palapit.

She was safe in an instant. In Clyde's arms.

Parang may nag-short circuit sa utak niya nang sa wakas ay ma-realize ang ginawa ng lalaki. She breathed in his masculine scent and her senses almost went haywire again.

Bakit ang bango niya pa rin, eh, madaling araw na?

Napakalapit ng mukha nila sa isa't isa.

Before Mads knew it, she was touching his face.

“You shouldn’t do that, Mads,” he said, his voice husky.

OMG! “I-I’m... s-sorry!” Kumilos siya para lumayo rito pero lalo pa nitong hinigpitan ang paghawak nito sa baywang niya. “C-Clyde, let me go.” Parang may mga dagang naghahabulan sa loob ng dibdib niya.

“Let me give you my birthday present,” he whispered.

She was drowning in his dark eyes. Parang naparalisa na nakatayo lamang siya roon habang pababa ang ulo nito, palapit sa mukha niya. His mouth touched her lips and gave her a gentle kiss. Time seemed to have stood still.

Parang naestatwa siya hanggang sa kusa nitong tapusin ang halik.

Muling tumitig si Clyde sa kanya. “Happy birthday, Mads.”

He then gave her a gentle smile before passing out right in front of her.



Napaungol si Clyde sa sakit ng ulo habang bumabangon. Napakunot-noo siya nang makita ang sofang kawayan na hinigaan. Pilit niyang inaninag ang paligid niya.

This is not my room.

“Where am I?”

“Nandito ka sa *Barangay Hall*,” sagot ng lalaking nakatayo sa isang dulo ng sofa.

Nag-flash sa isip niya ang huling eksenang naalala kagabi. Matapos ang last set nila, nagkayayaan silang mag-inuman ng mga kabanda niya bilang suporta sa vocalist nilang si Lenard. Nalaman kasi nitong nagbalik-Pilipinas na ang ex-girlfriend na basta na lang nawala five years ago. Worse, malapit nang magpakasal ang babae. Kahit hindi sabihin ni Lenard, alam nilang nasasaktan ito.

Bagaman hindi pa niya nararanasan ang mabigo, alam naman ni Clyde ang pakiramdam ng magmahal ng taong hindi na maaaring mahalín.

That feeling sucks!

Kaya may personal siyang ‘hugot’ sa naging inuman session nila. Masuwerte talagang nakauwi siyang ligtas sa kabila ng kalasingan niya.

Drunk driving is dangerous, you idiot!
sigaw ng boses sa isip niya.

“Ano, ayos ka na ba? Gusto mo ng kape?”

Napatingin si Clyde sa lalaking nakamata sa kanya. Ngayong unti-unti nang nagbabalik ang huwisyó niya, nakilala niya ito: si Apolinario Pineda. Mas kilala ito bilang Apollo, ang astig na barangay chairman sa lugar nila.

“Appreciate it, Kap. Thanks!”

Tumango lang ito at iniwan siya.

Clyde tried to recall what happened last night. Pero hirap pa rin siyang aalalahanin

iyon lahat.

“Paano ako nakarating rito?” tanong niya kay Apollo nang bumalik ito dala ang paper cup ng mainit na kape.

“You were too drunk last night that you passed out on the street.” Inilapag nito ang paper cup sa mesita sa harap nila. “Pasalamat ka at may taong nagtimbre sa ’min, kundi baka sa kalsada ka na sinikatan ng araw.”

“Thanks for bringing me here.”

Naupo si Apollo sa kaibayong upuan. “Walang problema. But let me tell you, I don’t tolerate that kind of irresponsible action in this place. Hindi magandang ehemplo sa mga kabataan natin.” Bagaman kalmado, halata sa boses nito ang pagiging maawtoridad. “Huwag mo nang uulitin ’yun, kung di magiging ka kinabukasan sa loob ng selda.”

Bahagyang napangiwi si Clyde. Tatlong taon lang ang tanda ng lalaki sa kanya at sa

edad nitong trenta-y-tres, parang masyado itong bata para sa posisyon nito. But Apollo was able to fulfill his duty splendidly. Sino ang mag-aakalang ang dating lider ng kalokohan sa lugar nila ay magbabagong-buhay at magiging isang kagalang-galang na barangay chairman na ngayon?

“Alam ko, Kap. Promise, di na mauulit. Ah, nga pala. Sino’yung taong nagtimbre sa inyo tungkol sa akin? Nang mapasalamatan ko naman.”

“Si Mads.”

Kumunot ang noo ni Clyde. “Si Mads? As in Madellaine Atienza?”

“Oo. She was the one who phoned us last night about you.” Ibinaba ni Apollo ang dinampot na diyaryo at tumingin sa kanya. “Kung hindi pa namin nalaman na lasing ka, iisipin namin na siya ang dahilan kaya ka nakalugmok sa kalsada. I mean, baka napuno na siya sa ’yo dahil sa mga pambubwisit mo sa kanya kaya inumbagan

ka.”

That triggered his memory of last night. He remembered seeing Madellaine walking alone in the deserted street. Sa apat na taon nilang pagpapalitan ng maaanghang na salita ng babae, hindi na kataka-takang makilala niya ito kahit pa nakatalikod. He would recognize the woman even from afar.

Bagaman alam niyang tahimik naman ang lugar nila, hindi niya magawang hayaan ito na mag-isang maglakad lalo't napakalalim na ng gabi. So he decided to reveal his presence. Gaya ng inaasahan, ikinagalit nito ang pagsulpot niya sa eksena. He ended up annoying her, as he usually did.

Sa tuwing nagagalit ito, nakikita niya ang buhay na buhay na expression ng mga mata nito. For four years, parang bahay-trabaho lang ang destinasyon ni Madellaine. Siya ang naba-bother sa pagiging monotonous ng buhay ng babae kaya tuloy kahit pa halos

bugahan siya nito ng apoy, panay pa rin ang lapit niya rito. Hindi iilang beses na sumagi sa isip niya kung meron ba itong *love life*.

Kagabi, naramdaman niya ang bugso ng pag-aalala nito. He felt her concern no matter how she refused to admit it. Kung wala ito kahit kaunting malasakit sa kanya, wala siya sa barangay hall na iyon ngayon.

Umukit ang ngiti sa labi ni Clyde nang hindi niya namamalayan. Humigop muna siya ng kape bago siya sumagot.

“Seriously, Clyde. You really ought to stop annoying her. Matatanda na kayo para magbangayan. Ano ba’ng problema n’yo sa isa’t isa?”

“Actually, Kap, hindi ko rin alam ang sagot sa tanong mong iyan. Basta lang kapag nagkikita kami, automatic na nagkakaasaran kami, eh. Alam mo ’yun?”

Mataman siyang tiningnan ni Apollo. “Hindi naman kaya...”

Bahagyang tumaas ang kilay niya dahil

sa ginawa nitong pambibitin sa sinasabi nito. “Hindi naman kaya ano?”

Napailing si Apollo. “Never mind.”

Nagkibit-balikat si Clyde. Kung ano man ang iniisip nito, wala na siyang balak na usisain pa iyon. Mabilis niyang inubos ang laman ng paper cup saka naghandang umalis.

May radio guesting siyang pupuntahan mamayang alas diez at ayaw niyang ma-late. Hindi iyon magugustuhan ng manager nila na daig pa si *Miss Minchin* sa pagkaistrikta.

“Paano, Kap, alis na ’ko. Salamat ulit sa pagkupkop mo sa akin.”

Palabas na siya nang muli siyang nitong tawagin. Nang lumingon siya ay may isang bagay itong ibinato sa kanya na agad niyang nasalo.

“Kay Mads ’yan. It seemed important to her, the way she was holding that thing last night.”

Curious, he turned to the green object

in his hand.

“It’s her stuffed toy,” sagot niya.

“Kung ganoon, ikaw na ang bahalang magbalik niyan sa kanya,” ani Apollo.



Groggy si Madellaine nang pumasok siya sa trabaho nang araw na iyon. At si Clyde ang sinisisi niya.

“Hoy, Mads, ano’ng nangyari sa ’yo? Nag-movie marathon ka ba kagabi at mukha kang zombie ngayon?” tanong ni Linda, kapwa niya junior graphic designer.

“Sana nga nag-movie marathon na lang ako kagabi. Para kahit papaano na-justify ang pagiging bangenge ko.”

Naputol ang line of thought ni Madellaine nang mapatingin sa screen ng kanyang computer. Nagfa-flash doon ang iba’t ibang picture ng palaka na ginawa niyang screensaver. Sa kanyang pagkagulat ay biglang nabago ang hitsura ng palaka. And to her surprise, mukha ni Clyde na ang

nakikita niya roon!

Muling nabago ang nakalagay sa screensaver at pumalit ang dalawang palakang magkaharap sa ilalim ng maraming bituin at naghahalikan. Nadoble ang pagkagulantang niya dahil imbis na mga palaka ang nakikita niya ay sila mismo ni Clyde ang nandoon!

Kissing under a starry night!

“What the heck!” she gasped.

“Hoy, ano ba’ng nangyayari sa ’yo? Okay ka lang ba?” ani Linda.

She blinked several times. Mga palaka na ulit ang nasa screen. “I’m fine, Linds. Epekto lang ’to ng puyat ko. Pasensya na.”

She knew better. It was because of the kiss that happened between them. She was being haunted by the memory of her first ever kiss. And it was given by the man she hated to the core. Ang malala, wala ito sa tamang huwisyo nang gawin nito ang kapangahasan. Her supposed to be sweet

and memorable first kiss was stolen by a drunken jerk like Clyde!

At matapos nitong nakawin ang kanyang unang halik ay basta na lang itong pumlakda sa kalsada. Nang masiguro niyang maaasikaso ito ng mga tanod na rumesponde ay sumibat na siya. Sa kasamaang-palad, kahit anong pilit niyang burahin sa isip niya ang mga nangyari ay hindi niya iyon magawa!

Narinig niya ang pagtawag sa kanya ni Bill, isa sa senior artists ng kompanya. “Pumunta ka raw sa office ni Boss. Tungkol yata sa ipinasa mong project design.”

Ang Valentine advertisement project ng isang blind-dating agency ang tinutukoy nito.

Mabilis niyang isinuklay ang mga daliri ng isang kamay sa kanyang buhok. Nag-thumbs up sa kanya si Linda.



Kumatok muna si Mads sa pinto ng

opisina ng boss nila.

“Come in.”

Bumuntong-hininga muna siya bago pumasok. “Good morning, sir.”

Nakaupo sa kabilang panig ng oakwood table nito ang lalaking nasa mid-fifties nito. Nakapatong sa mesa ang folder na nakikilala niya.

“Good morning. Have a seat, Miss Atienza.” He said it with a straight-face, his aura daunting.

Apat na taon na siyang nagtatrabaho sa kompanyang iyon pero hanggang ngayon, nininerbiyos pa rin siya sa tuwing nakakaharap ang amo.

“I have finished looking at your layout designs and I must tell you...”

Napalunok ng laway si Madellaine. Napaunat din siya ng upo, waiting for the much anticipated verdict.

Chapter Four



He didn't like it. Hungkag ang pakiramdam ni Madellaine nang lumabas sa opisina ng boss nila. Ganoon kabilis ang naging evaluation nito sa mga gawa niya. Walang sinoman ang naglakas-loob na kumustahin ang resulta dahil base pa lang sa hitsura niya, obvious na bad news.

Para siyang nasakluban ng langit. Iyong ilang gabi niyang pagbababad sa harap ng computer ay nauwi lang sa isang straightforward na, "I don't like it. I'm sorry,

Miss Atienza.”

Kahit na alam niya na mataas ang posibilidad na iyon ang mangyayari, siyempre, masakit pa rin sa kanya ang naging kapalaran ng ginawa niyang design.

“Wala daw siyang mahugot na Valentine’s feel sa design ko,” sabi niya sa nakaabang na si Linda. “Walang love. Walang romance.”

Kulang siya sa inspirasyon. Dahil ba wala siyang love life?

Pati ba naman ang pagiging loveless ko, nakakaapekto sa trabaho ko? Birthday ko pa naman today, di ba pwedeng ma-exempt ako sa rejection? Nakakainis na, ha! himutok niya sa isip.

She felt terrible. Ito na yata ang pinakamasaklap na birthday na naranasan niya sa tanang buhay niya.

Loveless and rejected. Shit talaga!



“Pare, pakisabi sa mga kabanda mo, may utang sila sa mga fans n’yo na nag-abang para

sa radio questing n'yo na 'to, dahil sa hindi nila pagsipot ngayon."

Isang pamilyar na tawa ang narinig ni Mads pagkuwan.

Dalawang tao ang nag-uusap sa radio program na pinakikinggan ng isang officemate niya. And that particular laughter caught her attention at once.

"Huwag kang mag-alala, makakarating. Anyway, may next time pa naman. Better yet, punta na lang sila sa mga gigs namin sa Rockets Bar. You know the place, people."

"So there you have it folks, the bassist of Luna's Cape, Clyde Estacio!"

Madellaine grunted in dismay.

Oo, si Clyde nga ang may-ari ang carefree at energetic na boses na kausap ng DJ. Parang inaasar siya ng pagkakataon. Sa dinami-rami ng radio station na pwedeng pakinggan ng kaopisina niya, iyon pa talang pinag-guest-an ng mokong na kapit-bahay niya?

“Baka may gusto kang batiin?” untag ng DJ.

*“Oh, thanks! ’Yung kapit-bahay ko...”
Biglang naalerto si Madellaine sa puntong iyon.
“Madalas kaming magbangayang dalawa, but
I think I went overboard last night. And I think,
in some way, I have offended her.”*

Muntik nang mahulog mula sa kinauupuan niya si Mads matapos ang sinabi ni Clyde. Alam na alam niya na siya ang tinutukoy nito.

“I’d like to apologize,” patuloy ni Clyde

*Tatawa-tawang ang DJ. “Sa tingin mo,
mapapatawad ka niya por que dito ka sa radio
nag-apologize?”*

*“It’s worth a try. Anyway, may inihanda
akong kanta para sa kanya.”*

Nakita ni Mads kung paanong nagsilayas sa kani-kanyang pwesto ang ibang katrabaho para lumapit sa radio.

“Grabe! Si Fafa Clyde, kakanta!”

*“I have to record this. I’ve never heard
him sing!”*

“Ang swerte ng babaeng iyon. Kung sino man siya.”

“Huwag na nating patagalin ’to. Let’s hear Clyde Estacio sing for a mysterious woman. Sana lang mapatawad ka niya pagkatapos mong kumanta. Good luck, pare!”

Nabalot ng katahimikan ang floor nila dahil ang lahat ay nakatutok sa gagawing pagkanta ng lalaki. Pumailanlang sa ere ang tunog ng gitara. Nagtilian ang officemates niya dahil sa excitement.

Samantala, parang telang pinipilipit ang sikmura ni Madellaine. Hindi niya ma-explain ang pakiramdam. She felt uneasy all of a sudden. Siguro dapat na siyang umalis doon. She’d had enough of Clyde’s image in her head for the past few hours. Ayaw niyang madagdagan pa ng boses nito ang dilemma niya.

Nakailang hakbang na siya palayo sa mesa niya nang magsimula itong kumanta.

“Happy Birthday to you... Happy Birthday to

you... Happy Birthday, Happy Birthdaaaaaay... Happy Birthday to you!"

Tila itinulos ang mga paa ni Mads sa sahig habang pumapailanlang ang malamyos na acoustic version ng happy birthday song na iyon ni Clyde.

At nang matapos ang kanta ay nagsalita ito, na parang magkaharap lang sila nito.

"If there's one thing I can clearly remember from last night, iyon ay ang katotohanang birthday mo ngayon."

Napakurap si Mads. Hindi siya makapaniwala. He remembered?

"A birthday song, huh? Not bad," salo ng DJ.

"I hope she's having a nice day."

"Hindi sa biased ako, pero iyan na 'ata ang pinakamagandang birthday song na narinig ko. You sure have a good voice, man! Siguradong napatawad ka na n'ung kapit-bahay mo! What's her name, by the way?"

"She's Madellaine Atienza," mabilis na sagot ni Clyde. "I hope she can hear us right now. Busy

kasi 'yon sa trabaho..."

Napatakip na lang ng mukha si Mads.

"Well, it's not everyday that you hear a member of an alternative rock band sing a 'birthday song' for someone," komento ng DJ. "Sana naman narinig niya."

Clyde gave out a tentative laugh. "I just want to make it up to her."

"Para sure, ulitin natin ang kanta!" sabi ng DJ. "Hey, listeners, tulungan natin si Pareng Clyde na makabawi."

Nang maramdaman ang titig ng mga kaopisina, bumaling si Mads sa mga ito.

Napaupo na lang ang dalaga sa upuan niya at hinayaan si Clyde sampu ng mga kaoposina niya na kantahan siya ng *Birthday Song*.

Nang matapos ang kanta ay mabilis siyang dinumog ng mga officemates upang kastiguhin hindi tungkol sa birthday niya kundi kay Clyde.

"Miss Atienza!"

Napatingin ang lahat sa boss nila na ngayon ay nakatayo sa labas ng opisina nito at nakatingin sa kanila. Sa kanya, rather.

“Y-yes, sir?”

“I heard it’s your birthday.”

“Er... y-yes, sir.”

Tumango ito. “Sige. Take the rest of the week off. Don’t worry, it would be a paid vacation.”

“S-sir?” One week paid vacation? Seryoso?

“You’ve been a very efficient employee for the past years, Miss Atienza. You deserve a break. Consider this a birthday present. Kapag tinanggihan mo, sisante ka na.”

“Ho?”

“Happy birthday, hija.” Iyon lang at pumasok na ulit ito sa opisina nito.

“Nakita n’yo ba ang nakita ko? Si Boss ba ’yung ngumiti?” basag ni Linda sa katahimikang dumaan.

“Ganoon pala kagalante si Boss sa

pagbibigay ng bakasyon? Mahaba na, may bayad pa! Tabi nga kayo rian, magtatrabaho na 'ko. Istorbo kayo sa pagiging efficient employee ko," sabi ni Daphne. Sa pagkaalam niya ay malapit na rin ang birthday nito.

Nagsipagbalikan din sa kani-kanyang pwesto ang mga kaopisina. Naiwan si Mads na nakatulala.

Kung kanina, mukhang berdugo ang amo sa paningin niya, ngayon para na itong si *Santa Claus* na dumating kahit di pa naghahati ang Enero. Binigyan pa siya ng regalo.

"Mads!" tawag ni Linda.

Nilingon niya ito. "Bakit?"

Isang malapad na ngiti ang ibinigay nito sa kanya. "Happy birthday! Enjoy ka sa vacation mo. You truly deserve it."

Napangiti siya. "Salamat."

Bago siya tuluyang makalabas sa building nila ay baon niya ang pagbati ng mga kaopisina. Parang naubos ang stress sa

dibdib at katawan niya. Matagal-tagal na rin mula nang may bumati sa kanya sa kanyang kaarawan.

And she could not deny the fact that she owed it to a person she used to hate.

Si Clyde.

Yes, *used to* as in past tense. Dahil matapos ang ginawa nito ngayon, alam niyang deep inside her heart, hindi na 'hate' ang nararamdaman niya para sa lalaki. Kung ano man iyon, hindi pa niya sigurado. Perhaps, her one week vacation would help her figure that one out.



Ibinagsak ni Mads ang sarili sa sofa nang makapasok sa kanyang sala. Binalingan niya ang hilera ng mga picture frames na naka-display sa ibabaw ng estante malapit sa kanya. Naroon ang mga larawan ng mga magulang niya. Karamihan doon ay mga kuha sa tuwing nagse-celebrate siya ng kanyang kaarawan. Hindi sila mayaman,

pero taun-taon ay sinisiguro ng mga magulang na mai-celebrate ang birthday kahit na sa simpleng paraan. Pero nagbago iyon magmula nang mamatay ang mga ito.

Ngayong mag-isa na lang siya, tila isang simpleng araw na lang ang kaarawan niya.

Nagkakasya na lamang siya sa pangongolekta ng mga stuffed toys na nagpapaalala sa kanya ng isang partikular na birthday niya kung saan labis ang kasiyahan niya.

And speaking of stuffed toys, lumipat ang tingin niya sa estante kung saan nakalagay ang koleksyon niya.

“Nasaan na ’yung binili ko kagabi?”

Mayamaya’y nakarinig siya ng humintong kotse sa tapat ng bahay niya. Napatingin siya sa bintana at nakita ang pamilyar na bulto ng lalaki na lumabas mula sa itim na *Mazda GT*. Naglalakad ito palapit sa gate ng bahay niya.